

TANONG NG ESTADO NUM. 6

Pagamyenda sa *Konstitusyon ng Nevada*

Petisyon sa Inisyatibo C-05-2023

Dapat bang amyendahin ang *Konstitusyon ng Nevada* upang lumikha ng pangunahing karapatan ng isang indibidwal sa isang aborsyon, nang walang panghihimasok ng estado o lokal na pamahalaan, sa tuwing ang aborsyon ay isinasagawa ng isang kwalipikadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan hanggang sa mabuhay ang pangsanggol o kapag kinakailangan upang maprotektahan ang kalusugan o buhay ng buntis na indibidwal sa anumang punto sa panahon ng pagbubuntis?

Oo

Hindi

PALIWANAG & SUMARYO

PALIWANAG— Ang inisyatibong ito, kung inaprubahan ng mga botante, ay nag-aamyenda sa *Konstitusyon ng Nevada* para lumikha ng konstitusyonal na karapatan para sa aborsyon.

Ang karapatang ito sa aborsyon ay ilalapat mula sa simula ng pagbubuntis ng isang tao hanggang sa simula ng “fetal viability,” maliban kung ang buntis ay nangangailangan ng medikal na pangangalaga upang maprotektahan ang kanyang buhay o kalusugan, kung saan ang karapatan ay nalalapat sa buong pagbubuntis. Ang “fetal viability” ay nangangahulugang “ang punto sa pagbubuntis kung saan, sa propesyonal na pagpapasiya ng tagapag-alaga ng kalusugan ng pasyente, ay mayroong malaking posibilidad na ang fetus ay napapanatili ang kaligtasan sa labas ng matris nang walang aplikasyon ng mga pambihirang hakbang medikal.”

Nilinaw ng inisyatibo na ang Estado ng Nevada, kabilang ang mga pamahalaan ng lalawigan at lungsod ng Nevada, sa pangkalahatan ay hindi maaaring makagambala sa karapatang ito. Ngunit ang isang estado, lalawigan, o pamahalaan ng lungsod ay maaaring makagambala sa karapatan kung mayroong “mapanghikayat na interes ng estado” sa paggawa nito. Ang isang “mapanghikayat na interes ng estado” ay umiiral lamang kung ang pamahalaan ay gumagamit ng pinakamababang paghihigpit na paraan upang maprotektahan o mapabuti ang buhay o kalusugan ng buntis na pasyente sa mga paraang sumusunod sa mga pamantayan ng klinikal na pagsasanay.

Panghuli, ang mga iminungkahing karapatan sa aborsyon ay hindi nangangailangan o pinipilit ang sinumang indibidwal ng Nevada na magpa-aborsyo. Sa halip, lumilikha ito ng isang karapatang nagpapahintulot sa isang indibidwal na gumawa ng kanilang sariling desisyon.

Ang isang “Oo” na boto ay lilikha ng bagong seksyon ng *Konstitusyon ng Nevada* upang magtatag ng konstitusyonal na karapatan ng isang tao sa aborsyon, upang ang isang tao ay makagawa ng mga desisyon tungkol sa mga bagay na mayroong kaugnayan sa aborsyon at pangangalaga sa kalusugan ng reproduktibo, nang walang panghihimasok mula sa estado o lokal na pamahalaan.

Ang isang “Hindi” na boto ay pananatilihin ang *Konstitusyon ng Nevada* sa kasalukuyang anyo nito at hindi makakaapekto sa pagkakaroon ng aborsyon bilang isang karapatan ayon sa batas sa ilalim ng batas ng Nevada.

SUMARYO— Nakasaad sa kasulukuyang batas na legal ang aborsyon sa Nevada at kailangang mangyari ito sa loob ng 24 na linggo pagkatapos ng pagsisimula ng pagbubuntis. Ang isang eksempsyon na kasalukuyang umiiral upang payagan ang aborsyon pagkatapos ng 24 na linggo ay kung makatwirang naniniwala ang isang manggagamot na ang aborsyon ay kinakailangan upang mapanatili ang buhay o kalusugan ng buntis na pasyente. Ang kasulukuyang batas ay nagaatas

din na ang mga aborsyon na isinasagawa pagkatapos ng ika 24 na linggo ng pagbubuntis ay dapat isinasagawa sa isang lisensyadong ospital ng Estado ng Nevada.

Kung inaprubahan ng mga botante, ang panukalang ito sa balota ay magdaragdag ng bagong seksyon sa Artikulo 1 ng *Konstitusyon ng Nevada* na mayroong sumusunod na impormasyon.

Ang seksyon 1 ng amyenda na ito sa *Konstitusyon ng Nevada* ay lilikha ng isang “pundamental na karapatan sa aborsyon” Nangangahulugan na ang *Konstitusyon ng Nevada* ay gagawing legal na opsyon ang aborsyon para sa lahat ng indibidwal, hindi lamang para sa mga taga-Nevada, na protektado ng *Konstitusyon ng Nevada*. Ang karapatang magkaroon ng isang pamamaraan ng aborsyon na isinagawa ng isang kwalipikadong propesyonal sa pangangalaga ng pangkalusugan ay kasama rin sa panukalang pag-amyenda.

Ang pag-amyenda ay nagmumungkahi ng karapatan sa aborsyon na magpapahaba hanggang sa “fetal viability, o kapag kinakailangan upang maprotektahan ang buhay o kalusugan ng buntis na pasyente”. Ang “fetal viability” ay nangangahulugang “ang punto sa pagbubuntis kung saan, sa propesyonal na pagpapasiya ng tagapag-alaga ng kalusugan ng pasyente, ay mayroong malaking posibilidad na ang fetus ay napapanatili ang kaligtasan sa labas ng matris nang walang aplikasyon ng pambihirang hakbang medikal.”

Kung ang aborsyon ay kinakailangan upang maprotektahan ang buhay o kalusugan ng buntis na pasyente, ang iminungkahing pag-amyenda ay nagpapahintulot sa isang pamamaraan ng aborsyon na isasagawa pagkatapos ng pagsisimula ng fetal viability.

Ang panukalang pag-amyenda ay karaniwang makakapigil din sa Estado ng Nevada o alinman sa mga subdibisyon nito sa pulitika (hal., ang Lehislatura ng Nevada, lalawigan at mga pamahalaan ng lungsod) mula sa panghihimasok sa konstitusyonal na karapatan sa aborsyon. Ang estado at lokal na pamahalaan ay makakagambala lamang sa karapatang ito kung mayroon silang “mapanghikayat na interes ng estado” sa paggawa nito. Ang isang “mapanghikayat na interes ng estado” ay umiiral lamang kung ang pamahalaan ay gumagamit ng pinakamababang paghihigpit na paraan upang maprotektahan o mapabuti ang buhay o kalusugan ng buntis na pasyente sa mga paraan na sumusunod sa mga pamantayan ng klinikal na pagsasanay.

Ang seksyon 2 ng iminungkahing pag-amyenda sa konstitusyon ay nagsasaad na kung anumang parte ng pag-amyenda ay hinahamon sa korte, ang natitirang bahagi ng pag-amyenda ay hindi maapektuhan at kasalukuyang mananatili. Tinitiyak ng seksyon na ito na ang karapatan sa aborsyon ay lubusang protektado sa mga posibleng kaganapan ng demanda sa hinaharap.

ARGUMENTONG PABOR PARA SA PAGSASABATAS

Ang mga desisyon tungkol sa aborsyon ay dapat na ipaubaya sa mga kababaihan at kwalipikadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan, na kumuha ng isang pangako upang kumilos para sa ikabubuti ng interes ng kanilang mga pasyente. Pagdating sa isang bagay na personal at kumplikadong pagbubuntis, ang mga politiko ay hindi kailanman mas kwalipikado upang gumawa ng mga desisyon sa pangangalagang pangkalusugan kaysa sa kababaihan at ang kanilang mga doktor. Kaya naman napakahalaga na iboto ang OO sa pag-amyendang ito.

Ang mga tao sa buong Nevada ay bumoto ng OO dahil:

- Ang OO ay magpoprotekta sa mga doktor upang hindi na sila kailangang magpakatatag sa panganib ng pagkakakulong para lamang gamutin ang pasyenteng nasa harap nila.¹

- Ang mga matinding pagbabawal sa aborsyon ay ipinatupad na sa buong bansa – mula Texas² hanggang Florida³ hanggang sa katabing Utah at Arizona – at nagkakaroon sila ng mga mapanganib na epekto. Isang 10-taong-gulang na batang babae mula sa Ohio na ginahasa ay kailangang maglakbay patungong Indiana upang ipasagawa ang aborsyon na kailangan niya,⁴ at sa Texas, isang babaeng nakunan ang nawalan ng litro ng dugo at kinailangang gumamit ng isang breathing machine bago siya legal na matulungan ng mga doktor.⁵ Pinoprotektahan ng OO ang karapatan sa aborsyon sa ating estado para sa kabutihan, para ang mga nakakalungkot na kwentong ito ay hindi na dapat mangyari dito.
- Ang OO ay nagtatatag ng isang permanenteng antas ng proteksyon⁶ upang kahit sino pa ang humawak ng posisyon sa ating estado, ang mga matinding pagbabawal sa aborsyon⁷ ay hindi maaaring maging batas sa Nevada.

Ang OO ay nagpapanatili sa mga pamilya – hindi sa mga politiko – na mayroong kontrol sa kanilang sariling mga desisyon sa kalusugan, upang ang mga kababaihan ay makagawa ng mga personal na desisyong ito sa pakikipag-ugnayan sa kanilang mga doktor at sa mga taong mahal nila at pinagkakatiwalaan.

Dapat tayong magtiwala sa mga kababaihan at doktor na gumawa ng tamang desisyon para sa kanilang sariling mga sitwasyon nang walang pamahalaan na nakikialam. Kung mabibigo ang pag-amyenda na ito, maaaring ang mga susunod na henerasyon ay magkaroon ng mas kaunting karapatan at kalayaan kaysa sa kanilang mga magulang at mga lola't lola.⁸ Bumoto ng OO upang ilayo ang mga politiko sa ating mga personal at pribadong desisyon.

Ang tanong 6 ay walang epekto sa pananalapi o kapaligiran

¹Pierson, Brenden. "Texas AG Threatens to Prosecute Doctors in Emergency Abortion | Reuters." *Reuters*, ***.reuters.com/legal/texas-judge-allows-woman-get-emergency-abortion-despite-state-ban-2023-12-07/. Accessed 25 July 2024.

²Weber, Paul J., and Jamie Stengle. "Texas Governor Defends Abortion Law with No Rape Exceptions." *AP News*, AP News, 8 Sept. 2021, apnews.com/article/health-texas-dallas-laws-greg-abbott-3717a0258b598eba06bb1baf90b645f4.

³Fischer, David, and Stephany Matat. "Florida's 6-Week Abortion Ban Takes Effect as Doctors Worry Women Will Lose Access to Health Care." *AP News*, AP News, 1 May 2024, apnews.com/article/florida-abortion-ban-9509a806453e1eab50d118aaecffa2f1.

⁴Helmore, Edward. "10-Year-Old Rape Victim Forced to Travel from Ohio to Indiana for Abortion." *The Guardian*, Guardian News and Media, 3 July 2022, ***.theguardian.com/us-news/2022/jul/03/ohio-indiana-abortion-rape-victim.

⁵Tanner, Lindsey. "Abortion Laws Spark Profound Changes in Other Medical Care." *AP News*, AP News, 16 July 2022, apnews.com/article/abortion-science-health-medication-lu-puse4042947e4cc0c45e38837d394199033.

⁶From constitutional amendment text: "All individuals shall have a fundamental right to abortion... The right established by this section shall not be denied, burdened, or infringed upon..."

⁷Lieb, David A., and Geoff Mulvihill. "Missouri Lawmakers Propose Allowing Homicide Charges for Women Who Have Abortions." *PBS*, Public Broadcasting Service, 8 Dec. 2023, ***.pbs.org/newshour/politics/missouri-lawmakers-propose-allowing-homicide-charges-for-women-whohave-abortions.

⁸Pfannenstiel, Kyle. "Idaho Is Losing Ob-Gyns after Strict Abortion Ban. but Health Exceptions Unlikely This Year. • Idaho Capital Sun." *Idaho Capital Sun*, 5 Apr. 2024, idahocapitalsun.com/2024/04/05/idaho-is-losing-ob-gyns-after-strict-abortion-ban-but-health-exceptions-unlikely-this-year/.

Ang nabanggit sa itaas na argumento ay isinumite ng Komite sa Tanong sa Balota na binubuo ng mga mamamayan na pabor sa tanong na ito ayon sa nakasaad sa NRS 293.252. Mga miyembro ng komite: Lindsey Harmon (Tagapangulo), Denise Lopez, at Bradley Schrager. Ang argumentong ito ay matatagpuan din sa www.nvsos.gov.

SAGOT SA ARGUMENTONG PABOR SA PAGSASABATAS

Gusto mo bang ang mga korte at hukoman ang gumagawa ng mga desisyon tungkol sa pagbubuntis sa halip na ang mga kababaihan at doktor?¹

Bumoto ng HINDI upang pigilan ang mga hukuman mula sa panghihimasok sa inyong personal, pribadong mga medikal na desisyon.

Bumoto ng HINDI upang maprotektahan ang ating kasalukuyang mga batas sa aborsyon.² Walang tiyak na “anumang makatwirang antas ng katiyakan”³ kung anong mga batas ang magbabago o gaano karami ang kailangan mong bayaran para pondohan ang aborsyon sa Tanong 6. Bumoto ng HINDI.

Gusto mo bang gumastos ng milyon-milyong dolyar ng buwis ng mga mamamayan para pondohan ang mga aborsyon sa buong siyam na buwan ng pagbubuntis? Gusto mo bang magsulat ng walang limitasyong tseke para gamitin ang pera ng mga nagbabayad ng buwis para bayaran ang mga aborsyon?⁴ Noong nakaraang taon, gumastos ang California ng \$200 milyon⁵ para sa isang pakete ng pondo upang bayaran ang mga aborsyon⁶ at kahit na lumikha ng isang website na naglalarawan kung paano makakakuha ng pondo mula sa estado para sa isang aborsyon “nang walang gastos sa iyo.”⁷ Ayaw mo ng patakarang iyon? Bumoto ng HINDI.

Narito ang listahan ng mga taong HINDI nabanggit sa Tanong 6:

- Mga kababaihan at mga batang babae – Walang partikular na proteksyon.
- Mga ina at magulang – Walang partikular na proteksyon.
- Mga Doktor – Walang partikular na proteksyon.

Isang batang ina sa Las Vegas ang kamakailan ay namatay dahil sa pagdurugo matapos uminom ng mga tableta para sa aborsyon.⁸ Protektahan ang ating kasalukuyang batas, mga kababaihan at doktor, ilayo ang mga korte sa aming mga personal na buhay, at bumoto ng HINDI.

¹Silver State Hope Fund vs. *The State of Nevada ex rel. Nevada Dept. of Health and Human Services, Division of Health Care Financing and Policy*, (Case NO. A-23-876702-W), Eighth Judicial District Court Clark County, Nevada (lawsuit financed by the ACLU to force Nevada taxpayers to pay for more abortions as a result of the “yes” vote for Question 1 on the 2022 Ballot).

²The Nevada Legislative Counsel Bureau (Aug. 1, 2024) <https://www.nvsos.gov/sos/home/showpublisheddocument/14294/638581076670730000>.

³The Nevada Legislative Counsel Bureau (Aug. 1, 2024) <https://www.nvsos.gov/sos/home/showpublisheddocument/14294/638581076670730000> (this nonpartisan government body analyzed the language of Question 6 and concluded that “it is not known how the Legislature may revise existing laws if they are determined to not comply with these provisions, the financial effect upon the State or local governments cannot be determined with any reasonable degree of certainty”).

⁴The Nevada Legislative Counsel Bureau (Aug. 1, 2024) <https://www.nvsos.gov/sos/home/showpublisheddocument/14294/638581076670730000> (concluding that the financial impact of a “yes” vote on Question 6 simply “cannot be determined”).

⁵Gov. Gavin Newsom, “New Protections for People Who Need Abortion Care and Birth Control, *Bill package builds upon more than \$200 million in state funding to create abortion.ca.gov, cover uninsured care*,” <https://www.gov.ca.gov/2022/09/27/new-protections-for-people-who-need-abortion-care-and-birthcontrol/>.

⁶California Abortion Access: How to Pay for an Abortion, Official Website of the State of California, <https://abortion.ca.gov/getting-an-abortion/how-to-pay-for-an-abortion/index.html>.

⁷California Abortion Access: How to Pay for an Abortion, Official Website of the State of California, <https://abortion.ca.gov/getting-an-abortion/how-to-pay-for-an-abortion/index.html>.

⁸“Nevada woman’s death after taking abortion pills spurs lawsuit, safety fears,” *Washington Times* (Sept. 28, 2023) <https://www.washingtontimes.com/news/2023/sep/28/nevada-womans-death-after-taking-abortionpills-sp/>.

Ang nabanggit sa itaas na pagtutol ay isinumite ng Komite sa Tanong sa Balota na binubuo ng mga mamamayang tutol sa tanong na ito ayon sa nakasaad sa NRS 293.252. Mga miyembro ng komite: Emily Mimnaugh (Tagapangulo) at Jason Guinasso. Ang argumentong ito ay matatagpuan din sa www.nvsos.gov.

ARGUMENTONG HINDI PABOR SA PAGSASABATAS

Bumoto ng HINDI upang pigilan ang Tanong 6 na muling isulat ang ating Konstitusyon ng Estado.

Bumoto ng Hindi upang pigilan ang Tanong 6 na magsulat ng walang limitasyong tseke para pondohan ang walang katapusang, 9-buwang aborsyon gamit ang pera ng mga nagbabayad ng buwis.¹

Ang tanong 6 ay maaaring pilitin ka, bilang nagbabayad ng buwis na magbayad para sa mga aborsyon.² Hindi matutukoy ang gastos at epekto sa pananalapi ng Tanong 6.³ Maaaring gumastos ang mga nagbabayad ng buwis ng HIGIT sa \$120-milyong dolyar bawat taon.⁴

Bumoto ng HINDI upang maprotektahan ang ating kasalukuyang batas sa aborsyon. Ang aborsyon ay legal sa Nevada.⁵ Sa kasalukuyan, ang mga doktor ay maaaring magsagawa ng aborsyon—nang walang paghihigpit—hanggang 24 na linggo (6 na buwan).⁶ Pagkatapos noon, pinapayagan din na iligtas ang buhay o kalusugan ng nanay.⁷

Ang kasalukuyan nating batas ay mas pabor kaysa sa Roe v. Wade.⁸ Ang mga botante lamang ang maaaring makapagbago ng batas sa aborsyon sa ating estado, at hindi ito nagbago sa loob ng ilang dekada.⁹ Hindi tulad ng Nevada, ang ibang mga estado ay nagbago kamakailan ng kanilang mga batas sa aborsyon, at “ang paglilitis ay umusbong.”¹⁰ Bumoto ng HINDI upang mapanatili ang mga hukuman sa labas ng mga desisyong pribado at personal.¹¹

Kung gusto mo ang kasalukuyang batas, protektahan ito: Bumoto ng HINDI. Kung ayaw mo sa kasalukuyang batas, iboto mo ang HINDI para hindi na ito maging mas mahirap ayusin.¹²

Ang tanong 6 ay walang maliwanag na panuntunan na nagsasabi kung kailan legal ang aborsyon. Legal ba palagi sa 4 na buwan? 6 na buwan? 9 na buwan? Malinaw ang ating kasalukuyang batas. Ang tanong 6 ay hindi.

Ang tanong 6 ay walang maliwanag na panuntunan na nagsasabi kung kailan dapat magbayad ang mga nagbabayad ng buwis para sa mga aborsyon. Nagbabayad ba ang mga nagbabayad ng buwis para sa isang opsyonal na aborsyon sa 9 na buwan. Malinaw ang ating kasalukuyang batas. Ang tanong 6 ay hindi.

Paano naman ang mga doctor? Maaari bang magsagawa ng aborsyong pag-oopera sa 9 na buwan ang isang hindi doktor sa labas ng isang ospital? Ang tanong 6 ay maaring hindi ito mahinto, ngunit ang kasalukuyang batas ay nagpoprotekta sa mga kababaihan. *Bumoto ng HINDI.*

Paano naman ang mga magulang? Maaari bang gawing ng isang hindi doktor ang palihim ang pagsasagawa ng operasyong sa isang 13 taong gulang na batang babae? Ang tanong 6 ay maaring hindi ito mahinto, ngunit ang kasalukuyang batas ay nagpoprotekta sa mga bata at mga magulang. Bumoto ng HINDI.

Kapag hindi malinaw ang mga batas, ang resulta ay mamahaling demanda.¹³ Ang mga legal, pananalapi at kapaligirang epekto ng tanong 6 ay hindi matukoy.¹⁴ Ang mga demanda ay nagkakahalaga ng pera ng mga nagbabayad ng buwis.¹⁵

Bumoto ng HINDI dahil ang tanong 6 ay:

- *Mapanganib: Hinahayaan nito ang mga taong hindi doktor na magsagawa ng aborsyon.*
- *Mali: Pinapayagan nito ang aborsyon sa loob ng sa buong 9 na buwan ng pagbubuntis.*
- *Nakakapinsala: Inaalís nito ang mga patakaran na nagpapanatili sa kaligtasan ng mga kababaihan.*
- *Mahal: Maaaring magdulot ito ng mga demanda at gumastos ng milyon-milyon upang pondohan ang aborsyon.*
- *Hindi kanais-nais: Binabago nito ang ating kasalukuyang malinaw na mga batas sa aborsyon.*

Panatilihin ang ating mga batas. Panatilihin ang paggastos ng buwis. Ilayo sa korte ang aborsyon. Panatilihin ang mga desisyon sa pagitan ng mga kababaihan at mga doktor. Bumoto ng HINDI.

¹The total cost cannot be known, and a single abortion can cost “\$15,000 or more” according to the State of Nevada Division of (“DPBH”), “Abortion Information for Nevadans,” <https://dphh.nv.gov/Programs/MIP/AbortionInNevada/> (For a “later pregnancy” using “induction abortion” procedure to “induce labor and delivery,” the cost is “\$8,000 to \$15,000 or more” for each delivery, labor and abortion procedure)

²The Nevada Legislative Counsel Bureau (Aug. 1, 2024), <https://www.nvsos.gov/sos/home/showpublisheddocument/14294/638581076670730000> (this non-partisan government body analyzed the language of Question 6 and concluded that “it is not known how the Legislature may revise existing laws if they are determined to not comply with these provisions, the financial effect upon the State or local governments cannot be determined with any reasonable degree of certainty).

³See Notes 1-2.

⁴An abortion in Nevada can cost anywhere from “\$500” for a chemical abortion to “\$15,000 or more” for an induction abortion, according to the State of Nevada Division of (“DPBH”), “Abortion Information for Nevadans,” <https://dphh.nv.gov/Programs/MIP/AbortionInNevada/>; *The Nevada Independent*, “Indy Explains: What happens to Nevada’s abortion laws if Roe is overturned?,” (May 2, 2022), <https://thenevadaindependent.com/article/indy-explains-what-happens-to-nevadas-abortion-laws-if-roe-is-overturned> (estimating that approximately 8,000 to 10,000 abortions were performed annually in Nevada between 2017 and 2019, with the predication that more would follow if Nevada became an abortion “refuge.”).

⁵See Nevada Revised Statute (NRS) § 442.250 (Question 7 on the 1990 Nevada Ballot).

⁶Nevada Division of Public and Behavioral Health (“DPBH”), “Abortion Information for Nevadans,” <https://dphh.nv.gov/Programs/MIP/AbortionInNevada/>.

⁷NRS § 442.250

⁸*The Nevada Independent*, “Indy Explains: What happens to Nevada’s abortion laws if Roe is overturned?,” (May 2, 2022), <https://thenevadaindependent.com/article/indy-explains-what-happens-to-nevadas-abortion-laws-if-roe-is-overturned>

⁹See Notes 5-8.

¹⁰*Reuters*, “Abortion rights: Tracking state lawsuits two years after Roe reversal” (“Nearly two years after the U.S. Supreme Court overturned its landmark 1973 ruling in *Roe v. Wade*, litigation over abortion has exploded”), <https://www.reuters.com/world/us/us-abortion-rights-still-flux-two-years-after-roe-reversal-2024-06-17/>.

¹¹For example, *Silver State Hope Fund vs. The State of Nevada ex rel. Nevada Dept. of Health and Human Services, Division of Health Care Financing and Policy*, (Case NO. A-23-876702-W), Eighth Judicial District Court Clark County, Nevada (lawsuit to force Nevada taxpayers to pay for more abortions as a result of the “yes” vote for Question 1 on the 2022 Ballot).

¹²See above Notes 10-11.

¹³See Notes 10-11.

¹⁴See Note 1.

¹⁵See Notes 10-11.

Ang nabanggit sa itaas na argumento ay isinumite ng Komite sa Tanong sa Balota na binubuo ng mga mamamayang tutol sa tanong na ito ayon sa nakasaad sa NRS 293.252. Mga miyembro ng komite: Emily Mimnaugh (Chair) at Jason Guinasso. Ang argumentong ito ay matatagpuan din sa www.nvsos.gov.

SAGOT SA ARGUMENTONG HINDI PABOR SA PABSASABATAS

Ang mga taong tutol sa amyendang ito ay nagsisinungaling upang takutin ang mga botante. Alam ng mga Taga-Nevada na ang isang babae ay maaaring magtapos ng pagbubuntis sa maraming iba’t ibang mga kadahilanan. Alam din natin na ang mga kababaihan at doktor ay hindi nagpapasya sa isang aborsyon sa ibang pagkakataon sa pagbubuntis maliban kung mayroong isang malubhang dahilan, tulad ng isang panganib sa kanyang buhay o pagbubuntis.

At ang pag-amyenda na ito ay walang ginagawa upang baguhin ang mga karapatan ng magulang sa Nevada, dahil lahat tayo ay nais na makuha ng mga kabataan ang suportang kailangan nila mula sa mga taong nagmamahal sa kanila kapag gumagawa ng mga desisyon.

Ang lahat ng ginagawa ng amyendang ito ay tiyakin ang mga pamilya – hindi ang mga politiko – ang namamahala sa kanilang sariling mga desisyon sa pangangalagang pangkalusugan at maaaring gumawa ng tamang pagpili para sa kanilang natatanging sitwasyon nang hindi nakakasagabal ang pamahalaan.

Kapag ang mga pamilya ay gumagawa ng mahirap, personal na mga desisyon sa medikal, ang isang sukat na angkop sa lahat ng mga batas ay hindi gumagana. Habang ang mga pagbabawal sa buong bansa ay naglalagay na ng mga buhay sa panganib, ang amyendang ito ay nagdaragdag ng isang permanenteng antas ng proteksyon para sa mga karapatan sa aborsyon sa Nevada upang kahit sino ang mayroong hawak ng katungkulan sa ating estado, ang mga matinding pagbabawal na ito ay hindi maaaring maging batas dito.

Muli, ang amyenda na ito ay walang implikasyon sa pananalapi o buwis.

Ang nabanggit sa itaas na pagtutol ay isinumite ng Komite sa Tanong sa Balota na binubuo ng mga mamamayan na pabor sa tanong na ito ayon sa nakasaad sa NRS 293.252. Mga miyembro ng komite: Lindsey Harmon (Tagapangulo), Denise Lopez, at Bradley Schrager. Ang argumentong ito ay matatagpuan din sa www.nvsos.gov.

PISKAL NA TALA

EPEKTO SA PANANALAPI – HINDI MATUTUKOY

KABUJUAN

Ang Petisyon sa inisyatiba ng Konstitusyonal sa Buong Estado – Pagkakakilanlan: C-05-2023 (Inisyatibo) ay nagmumungkahi na amyendahin ang Artikulo 1 ng *Konstitusyon ng Nevada* sa pamamagitan ng pagdaragdag ng bagong seksyon, na itinalaga bilang Seksyon 25, na nagtatatag ng isang pangunahing karapatan sa aborsyon na isinasagawa o pinangangasiwaan ng isang kwalipikadong propesyonal sa pangagalaga ng kalusugan hanggang sa fetal viability, o kapag kinakailangang protektahan ang buhay o kalusugan ng buntis na pasyente, nang walang panghihimasok mula sa estado o sa mga subdibisyon sa politika nito, maliban kung ang pagtanggap sa karapatang iyon ay makatwiran sa isang mapanghikayat na interes ng estado na nakamit sa pamamagitan ng hindi gaanong mahigpit na paraan.

EPEKTO SA PANANALAPI NG INISYATIBA

Alinsunod sa Artikulo 19, Seksyon 2 ng *Konstitusyon ng Nevada*, ang isang inisyatiba na nagmumungkahi na amyendahan ang *Konstitusyon ng Nevada* ay dapat na aprubahin ng mga botante sa dalawang magkasunod na pangkalahatang halalan upang maging isang bahagi ng Konstitusyon. Kung ang inisyatiba na ito ay inaprubahan ng mga botante sa Pangkalahatang Halalan sa Nobyembre 2024 at Nobyembre 2026, ang mga probisyon ng Inisyatiba ay magiging epektibo sa ikaapat na Martes ng Nobyembre 2026 (Nobyembre 24, 2026), kapag ang mga boto ay nacanvas ng Korte Suprema alinsunod sa NRS 293.395.

Kung ang Inisyatiba na ito ay inaprubahan ng mga botante sa Pangkalahatang Halalan ng Nobyembre 2024 at Nobyembre 2026, ang Lehislatura ay maaaring kinakailangang suriin ang mga kasulukuyang batas na namamahala sa aborsyon upang matukoy kung ang mga ito ay sumusunod sa mga probisyon ng pag-amyendang ito. Kung mapagpasyahan na ang mga kasulukuyang batas ay hindi sumusunod, posible na ang halaga ng mga mapagkukunan na ginagamit ng Estado o ng mga lokal na pamahalaan para sa pangangasiwa o pagpapatupad ng mga bagong batas sa aborsyon na sumusunod sa mga probisyon ay maaring maapektuhan.

Gayunpaman, dahil hindi alam kung ano ang mga batas, kung mayroon man, ay maaaring hindi sumusunod sa mga probisyon ng Inisyatiba, at hindi alam kung paano maaaring baguhin ng Lehislatura ang mga kasulukuyang batas kung determinado silang hindi sumusunod sa mga probisyon na ito, ang epekto ng pananalapi sa Estado o mga lokal na pamahalaan ay hindi matukoy sa anumang makatwirang antas ng katiyakan.

Inihanda ng Dibisyon ng Pagsusuri sa Pananalapi ng Kawanihan ng Payo ng Batasan – Agosto 1, 2024